CALIFORNIA E-BIKE INCENTIVE PROJECT
www.ebikeincentives.org

PEDAL AHEAD — CALIFORNIA AIR RESOURCES BOARD

# Mga insentibong voucher ng E-bike para sa may kwalipikadong kita na taga-California



Ang Proyektong Insintibo ng E-bike ng California ay nagbibigay ng point-of sales incentive voucher upang matulungan ang mga taga-California na may kwalipikadong kita na bumili ng bagong de-kuryenteng bisikleta (e-bike). Ang aming layunin ay gawing accessible at abot-kaya ang transportasyong pangkalikasan para sa lahat.

## Ano ang insentibong voucher ng e-bike?

Ang isang e-bike incentive voucher ay iginagawad sa mga naaprubahang mga aplikante na gagamitin bilang diskwento sa point-of-sale kapag ang isang kwalipikadong e-bike ay binili. Para ma-redeem ang isang insentibong voucher, kailangan mo munang kumpletuhin ang isang online na aplikasyon at makatanggap ng isang abiso ng pag-apruba. Ang mga pondo ng insentibo ay binabayaran sa e-bike retailer na nagbibigay ng diskwento.

## Magkano ang halaga ng mga insentibong voucher ng e-bike?

| **$1,750** | **+ $250** | **$2000** |
|---|---|---|
| Insentibo ng kwalipikadong batayang kita (300% FPL) | Prayoridad na mga aplikante (225% FPL) o mga komunidad na disadvantaged/mababa ang kita | Pinakamataas na kabuuang halaga ng voucher |

## Paano ako makakakuha ng insentibong voucher ng e-bike?

Ang mga aplikasyon ay tatanggapin sa pamamagitan ng aming online portal sa isang first-come, first-served na batayan. Ang mga aplikasyon ay mangangailangan ng pangunahing impormasyon tungkol sa aplikante pati na rin ang dokumentasyon sa pagpapatunay ng paninirahan at kita.

## Paano ako magiging kwalipikado?

**Maging isang 18+ na residente ng California**

**Beripikahin kung ang iyong kita sa sambahayan at kwalipikado***

**Kumpletuhin ang iyong online na aplikasyon**

**Makatanggap ng abiso ng pag-apruba**

*Kabuuang taunang kita ng sambahayan na mas mababa sa $45,180 para sa isang indibidwal, $61,320 para sa isang pamilya na 2 katao, at $93,600 para sa isang pamilya na 4 katao. Ang isang sambahayan ay tinukoy na aplikante, asawa at/o kasosyo sa tahanan, mga sinusustentuhan o tagapag-alaga. Para sa mga alituntunin ng buong kita, tingnan ang aming website.

## Aling mga e-bike ang kuwalipikado?

### Mga kwalipikadong E-bike:

- Dapat ay bago
- Dapat ay 1, 2 o 3 na klase
- Dapat na sumusunod sa UL-2849 at/o EN-15194
- Dapat may mga pedal na gumagana
- Dapat ay may motor na mababa o katumbas ng 750 Watts

### Mga kinakailangan sa Kagamitan at Pabrika:

- Dapat mayroong pinagsamang ilaw sa harap
- Dapat may ilaw sa likuran
- Dapat ay may warranty na hindi bababa sa 1 taon sa mga de-kuryenteng bahagi
- Dapat na ganap na naka-assemble

## Bisitahin ang aming website para sa karagdagang impormasyon:

CALIFORNIA
E-BIKE INCENTIVE PROJECT
www.ebikeincentives.org